**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VI, Issue I**
**August 2024**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

# ANG SILHUETA NI ZULUETA

**ni: AEL C. ASPIRAS**

**Dekomposisyon:**

Ang *silhueta* ay isang salitang Espanyol na nangangahulugang representasyon o balangkas ng isang bagay. Ito ang kabuuang hugs o porma ng isang bagay o ano pa man.

Ang dulang ito na may isahing yugto ay sumasalamin sa kung paanong mapapagtagumpayan ng mga pangunahing tauhan a sina: Ada at Maestra Zulueta ang mga hamon ng buhay at ang kagustuhang maging tagapagtaguyod ng malikhaing sining sa makabagong panahon.

Sa dulang ito masasalamin ang mga tunggaliang tao laban sa teknolohiya; tao laban sa lipunan; tao laban sa tao; at tao laban sa kaniyang sarili na maipapakita sa paraan ng non-linear structure at mabisang paggamit ng mga plot devices gaya ng foreshadowing at flashbacking.

Mababakas din sa dulang ito ang paggamit ng soliloquy o ang pagsasalita ng tauhan nang mag-isa at ang stream of consciousness.

**Mga Tauhan:**

**Ada,** isang babaeng may pagnanais a maging isang mahusay na cultural dancer

**Maestra Zulueta,** isang beteranong cultural dancer

**Panahon:** Sa isang pambulwagang pangkomperensya ng isang lokal a ospital sa Calatagan, araw ng Sabado, isang maligaya at buhay na buhay na tanghali

*(Magbubukas ang Tabing)*

*(Pagsilip sa Hinaharap - Foreshadowing o Flashforwards)*

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

*(Makikita ang isang malawak na silid na binubuo ng mga puting dingding. Sa gitna ng nasasabing silid ay naroon ang isang malawak na entablado na kakikitaan ng makukulay na dekorasyon. Sa harapan ng nasabing entablado ay naroon ang maraming nakahanay na mga upuan na maaring para sa mga manonood ng araw na iyon. Ang panginorin sa mga sandaling iyon ay payapa at tahimik. Ang tanging maririnig mo lamang ay ang mahinang tung ng aircon na siyang nagsasaklob ng malamig na simoy ng hangin sa silid. Ang kapayapaan sa atmospera ay mababasag sanhi ng dalawang balingkinitang pigura ng babae na tila ay nageensayo para sa gaganaping pagtatanghal maya-maya. Ang isa sa mga babae – si Ada na kung mamasdan ay mapapagtantong nasa edad dalawampu ay nakasuot ng makulay na kostyum na may ilang nakasabit na aksesorya sa katawan na siya namang nagkakalansingan tuwing siya ay gumagalaw. Sa tabi niya na umaalalay sa kaniya sa bawat kilos at posturang kaniyang ginagawa ay si Maestra Zulueta – ang isang beteranong tagapagtaguyod ng sining sa larangang pagsayaw at ang instruktor ni Ada. Ang Maestra kung titignan ay mapapagtantong siya ay nasa edad apatnapu na. Siya ay nakasuot ng semi-pormal na kasuotan. Halata sa kaniyang awra at kilos ang kaniyang mga karanasan bilang isang mananayaw ng cultural dance.*

*Ang kaninang katahimikan sa silid ay mapapalitan ng malakas na tunog ng musika at bahagyang pagbibilang ng Maestra, senyales ng muling pagsisismula nila sa pag-iensayo. Ang bawat galaw ng beywang at kamay ni Ada ay sumusunod sa takbo o ritmo ng musika. Hindi makakailang na siya rin ay isang mahusay na mananayaw. Ilang sandali pa ang makalipas bago matapos ang kanilang pag-iensayo o paghahanda para sa gaganaping pagtatanghal kaya naman sila ay tumungo na sa likurang bahagi ng entablado.)*

**Maestra Zulueta:** Kumusta, Ada? Ayos ka lang ba? Kinakabahan ka ba? *(pagtantya at pangungumusta niya sa kalagayan ni Ada)*

**Ada:** A-ayos la-lang po... *(ngingiti nang bahagya, pilit na itinatago ang kabang nararamdaman)*

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

**Maestra Zulueta:** Ikaw naman! Huwag kang kabahan! Alam kong kaya mo iyon! *(saad niya na may malaking ngiti sa labi, sinusubukang pagaanin ang loob ni Ada)*

**Ada:** S-sa tingin po ninyo...? *(pagtatanong niya na tila nawawalan ng pag-asa, nauutal pa rin)* **Maestra Zulueta:** Ano ka ba? Ako ang yong instruktor. Batid ko kung gaano ka kahusay sa pagsayaw! *(muli niyang saad, hindi naaalis sa kaniyang mga labi ang matamis na ngiti)*

**Ada:** Talaga po? Salamat po... *(aniya na may kaginhawaan na, ngingiting pabalik sa maestra)*

**Maestra Zulueta:** Oo naman! Kaya huwag kang kakabahan, ah? *(sabi niya sabay ang bahagyang pagtapik sa balikat ni Ada)*

**Ada:** Opo! Bibilisan ko na po rito. *(tatalikod upang tumakbo papunta sa malapit na upuan para kunin ang ilan pang mga aksesorya subalit muling lilingon nang magsalitang muli ang maestra)*

**Maestra Zulueta:** Oh, huwag kang tatakbo! Baka madapa ka pa. *(pakwela niyang biro sabay ang mahinang hagikhik)*

**Ada:** *(ilalagay ang ilang daliri sa itaas ng kilay na tila isang sundalo)* Masusunod po, Maestra! *(tatawa rin bago lumakad papunta sa dapat na puntahan)*

*(Ilang sandali ang makalipas nang magsimula nang pumasok ang mga manonood ng tanghaling iyon sa silid. Ang lupon ng mga manonood na binubuo ng mga taong may katandaan na, mga bagong sibol ng henerasyon at mga taong may kapansanan. Iba iba man ang kanilang kinatatayuan sa lipunan ngunit isa lamang ang sigurado - sila ay ang mga tong nangangarap ding maging isang mahusay na mananayaw o mga tong may interes sa sining sa larangan ng pagsayaw. Ang kaninang atmosperang payapa at tahimik ay napalitan na ng ngayo'y atmospera na binabalot ng pinaghalong tuwa at pananabik. Ang mga ngiti sa mga labi ng mga manonood ay sumisigaw ng higit na kasiyahan. Nang makaupo na nag lahat sa kanilang mga silya, lumabas naman si Maestra Zulueta mula sa likod ng entablado upang simulan at ipakilala ang magtatanghal. Maya-maya pa nang siya ay bumaba na sa entablado at pumwesto na rin sa isa sa mga silya kasama ng ibang mga* manonood. *Saktong pag-upo*

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VI, Issue I**
**August 2024**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
****************************************************************************************************
*niya ay ang pagbubukas ng tabing – ang pagsisimula ng pagtatanghal ni Ada. Mas lalong lumakas ang mga hiyawan sa silid na iyon.*

*Si Ada na kanina'y binabalutan ng kaba at kawalan ng pag-asa ay ngayo'y nakaharap na sa mga manonood na ang tanging nakapinta sa kaniyang mukha ay determinasyon. Wala ng mababakas na kaba mula sa kaniya. Ang kaniyang pagsayaw ay tulad ng kanilang inensayo... o maaaring mas mahusay pa nga. Ang bawat galaw at hakbang niya ay tugma sa ritmo ng musika. Ang nagkakalansingang aksesorya ay nagdadagdag ng tunog. Ang mga manonood, kasama na rin si Maestra Zulueta, ay pinagmamasdan siya nang may ningning sa mga mata. Ilang minuto pa ng kaniyang pagtatanghal ang pinanood ng mga manonood hanggang sa ito 'y tuluyan nang matapos. Higit pang lumakas ang hiyawan ng mga manonood at halos lahat ay nakatayo… maliban kay Maestra Zulueta.)*

**Maestra Zulueta** *(soliloquy), (matamang nakamasid kay Ada na ngayo'y nagbibigay pugay na sa mga manonood)***:** Ang husay husay mo na, Ada. Ang layo mo na sa labing limang taong gulang na dalagang tinuruan ko. Ang paghusay mo ay singbilis ng takbo ng usa. Sino ang mag-aakalang kaya mong maging magaling a mananayaw sa loob lamang ng limang taon? Kasinghusay mo na ako... o baka nga higit ka pang mahusay sa akin. Ikaw ay tila aking anino... isang *silhueta*. Ngunit hindi ka lamang isang ordinaryong anino! Isa kang aninong nabibihisan ng pagmamahal sa sining – sa pagsayaw. Darating din ang panahon na hindi mo na ako kakailanganin. At ang panahong iyon ay...

*(Dahan-dahang tatayo si Maestra Zulueta mula sa kaniyang kinauupuan. Ang bawat paglakas ng hiyawan kay Ada ay ang unti-unti namang paghina nito sa pandinig ni Maestra Zulueta sa bawat hakbang niya palabas ng silid.)*

*(Pagsilip sa Nakaraan - Flashback)*

*(Makikita ang isang sementado at malawak na espasyo sa likuran ng isang paaralan. Ang lugar na iyon ay pinalilibutan ng mga puno kaya naman makulimlim sa lugar na iyon bagaman medyo tirik ang araw. Ang atmospera ay tahimik at ang maririnig lamang ay ang*

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue I
August 2024
Available online at https://www.instabrightgazette.com

*himig ng mga ibon sa himpapawid at ang paminsan-minsang paghahampasan ng mga puno dala ng mapreskong simoy ng hangin. Mababasag ang katahimikan sa pamamagitan ng isang mahinang tunog ng musikang kadalasan ay ginagamit sa mga mga pangkultural na mga sayaw.*

*Sa gitna ng lugar na iyon makikita ang pigura ng isang babae – si Maestra Zulueta. Siya ngayon ay payapang sumasayaw; nakapikit ang mga mata na hinahayaan lamang na sumunod ang galaw ng kaniyang katawan sa ritmo at himig ng musika. Maya-maya ay naramdaman ni Maestra Zulueta ang pares ng mga matang nakamasid sa kaniya. Alam at nararamdaman niya palagi ang mga tuwing may nanonood sa kaniya. Matagal niya naman na itong alam at matagal niya na rin itong hindi binibigyang pansin subalit hindi niva alam kung bakit niya naisipang komprontahin ang kung sino mang nagmamay-ari ng mga misteryosong mata na iyon.*

*Sa kabilang dako naman, si Ada, ang nagmamay-ari ng mga nasabing matang iyon ay matatagpuang nakatago sa likod ng isang puno. Siya ay kanina pang kinakagat ng mga lamok sapagkat madilim sa lugar na kaniyang kinapwe-pwestuhan at may ilan na ring mga langgam na kumakagat sa kaniyang mga paa. Nahahanap man ang sarili sa di-gaano kakomportableng lugar ay ayos lang para lamang mapanood ang mananayaw - ang kaniyang idolo. Matamang nakamasid lamang ang dalaga, napupuno ng galak sa muling panonood niya sa kaniyang idolo.*

*Mapapalitan ng pagtataka ang kaniyang nararamdaman nang biglang tumigil sa pagsasayaw ang maestra.)*

**Maestra Zulueta:** Lumabas ka riyan. Alam kong nagtatago ka sa likod ng puno. *(seryoso at medyo nakakatakot niyang sabi)*

**Maestra Zulueta:** *(libahin ang servosong tono nang maisip niya na baka lalo lamang na matakot at hindi lumabas ang taong nasa likod ng puno at pinalitan ito ng biro)* Lumabas ka na. Hindi naman ako nangangain ng tao.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VI, Issue I**
**August 2024**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

*(Ilang segundo ang makalipas bago pa dahan-dahang lumabas ang dalaga na nakayuko, hindi makatingin sa personang nasa harap niya ngayon. Titignan siya ni Maestra Zulueta mula ulo hanggang paa nang may kyuryusidad.)*

**Ada:** Ma-maga-magandang um-umaga po-po... *(nauutal niyang sabi, hindi naalis ang pagkakayuko)*

**Maestra Zulueta:** Sino ka at bakit mo ako palaging pinapanood? *(medyo seryoso ngunit lumilitaw ang pag-uusisa sa kaniyang boses)*

**Ada:** P-po?! *(gulat at nauutal niyang sagot, hindi niya inaakalang alam ng maestra na palagi niya itong pinapanood)*

**Maestra Zulueta:** Isa ka rin bang mananayaw?

**Ada:** A-ah... Uhm... A-ano po kasi... *(nauutal niya pa ring sabi)*

**Maestra Zulueta:** O may interes ka lang ba sa pagsasayaw? *(pagpatuloy niya sa pagtatanong kahit na wala namang natatanggap na maayos na sagot sa dalaga)*

**Ada:** Uhm... *(nahihiya pa rin, hindi makatingin sa mananayaw at ang tanging ginagawa ay pinaglalaruan ang kaniyang mga daliri)*

**Maestra Diwa:** Gusto mo bang matutong sumayaw? *(bigla niyang tanong na ikinagulat nila parehas, bigla na lamang itong binigkas ng bibig niya)*

*(Isang tanong ivon na pumukaw ng atensyon ni Ada. Mapapatingin siya sa direksyon ng maestra ngunit mapapailing at muling tutungo nang magtapat ang kanilang mga mata. Bago pa siya makasagot sa tanong ng mananayaw ay naalala niya ang inutos sa kaniya ng kaniyang nanay. Kaya naman, walang lingon lingong kumaripas ng takbo paalis si Ada – iniwang mag-isa at nalilito ang mananayaw sa bigla nitong pagkilos.*

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

# INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue I
August 2024
Available online at https://www.instabrightgazette.com


*Ang mananayaw na ngayo'y mag-isa na namang muli ay unti-unting maglilikom ng kaniyang mga kagamitan upang magpahinga muna at kumain ng tanghalian bagaman iyon ay patanghali na.)*

*(Ilang sandali ang lilipas bago pa muling ipinagpatuloy ang kaniyang pagsayaw. Sa isip isip niya ay nananatili ang dalaga at ang kanilang maikling interaksyon kanina. Hindi niya alam kung bakit tila ayaw siyang tigilan ng kaniyang konsensya sa dalagang iyon. "Siya ba ay isa ring mananayaw tulad ko?", "O baka naman hilig lang niya ang ganitong pagsayaw?" samu'tsaring mga tanong ang maiipon sa kaniyang isip.*

*Muli niyang ipipikit ang kaniyang mga mata, susubukang sumayaw muli nang payapa bagaman hindi maalis sa kaniyang isipan ang dalaga. Sa kaniyang pagsasayaw ay muli niyang naramdaman ang parehas na pares ng mga matang palaging nakamasid sa kaniya. Nakaramdam siya ng kakaibang emosyon. Lungkot? Hindi. Galit? Hindi rin. Tuwa? Medyo. Pag-asa? Oo! Iyon ang naramdaman niya. Hindi niya rin alam kung bakit niya ivon naramdaman ngunit nakatatak na sa kaniyang isip na dapat malapitan niya na ang dalagang iyon ano man ang mangyari.)*

**Maestra Zulueta:** Lumabas ka na riyan, gusto kitang muling makausap*. (sinabi niya sa malumanay na paraan upang hindi na muling matakot ang dalaga)*

**Ada:** Magandang tanghali po... *(hindi na nauutal ngunit nahihiya niya pa ring saad)*

**Maestra Zulueta:** Magandang tanghali rin sa' yo... *(medyo mapapaisip kung ano ang itatawag sa dalaga)*

**Ada:** Adaline po ang pangalan ko. Maaari niyo po akong tawaging 'Ada'. *(nahihiya niya pa ring saad)*

**Maestra Zulueta:** Kung gayon ay magandang tanghali rin, Ada! *(pagbati niya na may malaking ngiti)* Bakit ka biglang umalis kanina? Hindi mo pa naman nasasagot ang aking mga tanong. *(sabi niya nang may pag-uusisa)*


**Editorial Team**

**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

**Ada:** A-ay… Pasensya na po... *(bahagyang mapapakamot sa ulo)*

**Maestra Zulueta:** Ayos lang! Maaari mo na bang sagutin ang mga iyon ngayon? *(nakangiti pa rin)*

**Ada:** Si-sige po... *(nauutal na naman siya sanhi ng kahihiyan)*

**Maestra Zulueta:** Hmm... Bakit mo ako palaging pinapanood? *(deretso niyang tanong)*

**Ada:** Ah, kasi po... *(biglang maiisip na alam ng mananayaw na pinapanood niya ito)* Po?! Alam niyo pong pinapanood ko kayo?! Pasensya na po! *(mangiyak-ngiyak at natataranta at nag-aalala niyang saad)*

**Maestra Zulueta:** Sa tagal ko na sa larangan ng pagsayaw, alam ko twing may nanonood sa akin. Kahit nakapikit pa. *(sabi niya na may pagmamalaki)*

**Ada:** Ga-ganoon po ba? Pasensya na po talaga! Hindi ko na po uulitin! *(natataranta niya pa ring sabi)*

**Maestra Zulueta:** Ano ka ba? Ayos lang! Natutuwa pa nga ako na mayroon pang interesado sa ganitong istilo ng pagsayaw. At mas lalo pa akong natuwa nang malaman kong ikaw ay mula sa makabagong henerasyon! *(aniya nang may buong galak na agad na nag-alis ng pangamba kay Ada)*

**Ada:** Ta-talaga po? Ayos lang po talaga? *(paninigurado niya)*

**Maestra Zulueta:** Oo naman! Teka, maitanong ko nga, bakit sa lahat ng istilo ng pagsayaw ay ito pa ang pumukaw ng iyong interes? 'Wag mo sanang masamain, ah! Kadalasan kasi ng mga kabataan na nasa edad mo ay mga makabagong sayaw na tulad ng hiphop ang gusto. *(may pag-uusisa niyang tanong)*

**Ada:** Tama po kayo. Nagugustuhan ko po ang istilo ng inyong pagsayaw dahil ito ay sumasalamin ng ating kultura. Tulad pong sabi niyo, ilan na lang po ang tumatangkilik nito

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

kava ako po ay namamangha rin po sa inyong pagsayaw nito. *(aniya na walang pagsisinungaling)*

**Maestra Zulueta:** Kung gayon ay... *(nagdadalawang isip kung sasabihin niya ba talaga ang nais na sabihin ngunit sa huli ay mapapagdesisyunan na sabihin ito)* gusto mo bang matuto sumayaw na tulad ng sinasayaw ko?

**Ada** *(soliloquy), (nakatitig lamang sa mananayaw na matamang naghihintay ng kaniyang isasagot)***:** Gusto kong matuto... ngunit kakayanin ko ba? Buong buhay ko, ang pagsayaw na ang aking naging pangarap. Ngunit nakikita ko pa lamang ito sa iba at hindi ko pa nasusubukan sa akin sarili. Kakayanin ko ba...? Sabagay, kahit naman anong gawin ko ay ito pa rin ang aking pangarap. Hindi naman siguro masamang sumubok, ano? Dahil hindi masamang mangarap.

**Ada:** Gusto ko po. Gustong gusto ko po! *(aniya nang may determinasyon)*

*(Isang pangungusap, tatlong salita na binubuo no siyam na letra: "Gusto ko po". Ilang simpleng mga salita ngunit nagdala ng higit na kasiyahan sa puso ni Maestra Zulueta. Siya ngayo'y napupuno ng pananabik – pananabik sa mga sususnod na paglalakbay niyang haharapin dahil hindi tulad ng kaniyang kinasanayan, ngayon ay hindi na siya mag-isa. Nariyan na si Ada upang samahan siya sa padlalakbay na iyon.*

*Bibigyan nila ang isa't isa ng matamis na ngiti bago ikulong ang isa't isa sa kani-kanilang mga bisig.)*

*(Ilang sandali ang makalipas, matatanaw muli ang malawak na espasyong ion. Sa gitna noon ay sina Ada at Maestra Zulueta na masigasig na nagsasanay ng isang sayaw. Mabilis na natututo at nakakasunod si Ada sa sayaw. Mayos ang kanilang naging pagsasanay hanggang sa makarating si Ada sa punto ng sayaw kung saan may kahirapan. Ilang beses niya na itong sinubukan ngunit hindi niya pa rin magawa-gawa. Sinubukan niya pa itong muli ngunit tulad kanina, hindi niya pa rin ito napagtagumpayan. Wala na lamang siyang nagawa kundi ang umupo sa sahig at umiyak.)*

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue I
August 2024
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

**Ada:** Bakit hindi ko pa rin magawa? Sinusubukan ko naman. *(saad niya habang umiiyak)*

**Maestra Zulueta:** *(lumuhod na kapantay ni Ada)* Ada, hindi madali ang pagsasayaw. Tulad ng lahat ng bagay sa mundo, kailangan din nito ng mahabang panahon. *(sabi niya, sinusubukang pagaainin ang nararamdaman ni Ada)*

**Ada:** Pero bakit po ang dali lang po tignan sa inyo? Bakit po ang hirap hirap sa akin? *(naiyak pa rin)*

**Maestra Zulueta:** Ganoon talaga, Ada. Kaya mo rin iyan! *(sinusubukan pa ring pagaanin ang loob ng dalaga)*

**Ada:** Hindi po... hindi ko po kaya. *(lalo pang lumakas ang pag-iyak)*

**Maestra Zulueta:** Hindi talaga madali ang pagsayaw, lalo na't kasisimula mo pa lang naman. Ang mahalaga ay may puso ka sa ginagawa mo. *(sabay ng paghaplos sa likod ni Ada)*

**Ada:** P-pero bakit po kayo? Nagagawa niyo naman po. *(nabawasan na ang pag-iyak subalit hindi pa rin tumitigil)*

**Maestra Zulueta:** Tayong mga tao, tulad a lang ng pagsayaw, ay may iba't ibang istilo. Hindi lahat ng kaya ko ay kaya mo; hindi lahat ng kaya mo ay kaya ko. Kaya huwag kang manatili sa anino ko, Ada. Kailangan mong kuminang sa sarili mong paraan, sa sarili mong istilo. *(binigyan niya ng matamis na ngiti ang dalaga, patuloy pa rin sa paghagod sa likod nito)*

**Ada:** Sa tingin po ninyo kaya ko rin...? *(tanong niya na parang nawawlan ng pag-asa)*

**Maestra Zulueta:** Oo naman! Bakit hindi?

**Ada:** Kasi ito nga lang po nahihirapan na po ako... paano pa po 'yong mga mas lalo pang mahirap? *(buntong hininga at medyo naiyak pa rin)*

**Maestra Zulueta:** Alam mo ba? Hindi rin maganda ang mga una kong karanasan bilang isang mananayaw. Dati ay halos araw-araw na lang akong nagkakaroon ng pasa at isang beses nga ay nabalian pa ako dahil lamang sa maling pagtapak. Mahirap talaga ang pagsaya,

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VI, Issue I**
**August 2024**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

lalo na ng cultural dances. *(mapapabuntong hininga nang maalala ang isa sa masasamang ala-ala.)*

**Ada:** *(Pupunasan ang luha)* Talaga po...? Paano po kayo nagtagumpay?

**Maestra Zulueta:** Dahil may puso ako sa ginagawa ko. Isa na rin malaking parte ng aking pagtatagumpay ang akin ring maestra na hindi ako sinukuan ano man ang mangyari. *(ngingiti dahil sa mga mabubuting ala-ala)* May punto pa gang hindi ako pinayagan ng aking mga magulang a maging isang mananayaw... subalit pumayag din naman sila nang makita nila ang aking determinasyon.

**Ada:** Sana po tulad ng inyong maestra ay huwag niyo rin po akong sukuan, Maestra Zulueta. *(matamang nakatingin sa maestra, naghihintay ng sagot)*

**Maestra Zulueta:** S'yempre naman! Hinding hindi kita iwan, Ada. Kasama mo ako palagi. *(hinaplos ang pisngi ni Ada)*

**Ada:** Salamat po... Tara na po ulit! *(saad niya nang hindi mababakasan ng pagdadalawang-isip kundi determinasyon lamang)*

*(Muli nilang susubukang gawin ang parte ng sayaw nang may kahirapan, muli silang nabigo. Imbis na sumuko, lalo lamang naging determinado si Ada at sa wakas, nagawa niya na. Nagtagumpay na siya. Sa tuwa ay hindi mapipigilang mapatalon at sigaw. Muli nilang ikukulong ang isa't isa sa kani-kanilang mga bisig.)*

*(Kasalukuyan)*

*(Makikitang nagbibigay-pugay si Ada sa mga manonood. Unti-unti na muling magsasara ang tabing sa entablado. Si Ada, sa kabilang banda, ay nasasabik na pumunta sa kinapwe-pwestuhan ng maestra kanina.)*

**Ada:** Maestra! Nagawa ko! Nagawa k-

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

*(Natigilan siya at aged na nawala ang pananablk sa kaniya nang ang tanging nadatnan niya na lamang sa upuang kinapwe-swestuhan ng maestra ay isang tinuping papel – isang liham)*

**Maestra Zulueta***: (mababasa mula sa liham)* Ada, ang aking pinakamamahal na estudyante. Kung nababasa mo ito ay sigurado akong ika'y isang ganap na mananayaw na. Ada, napakahusay mol Tandang tanda ko pa noon na ika'y umiyak pa dahil hindi mo magawa ang isang parte ng sayaw. Pero tignan mo ngayon? Mas mahusay ka na sa akin!

**Ada:** Opo nga, eh. Hahaha! *(bahagyang tatawa)*

**Maestra Zulueta:** *(mababasa mula sa liham)* Pasensya na at hindi ko ito nasabi sa iyo nang personal. Baka kasi hindi ko magawa kapag nasa harapan na kita, eh. Pinapaalam ko sa iyo na ako'y magreretiro na. Unti-unti na akong tumatanda at hindi natin iyon mapipigilan. Pero huwag kang mag-alala, sigurado naman akong kaya mo nang mag-isa.

**Ada:** P-po? *(aniya habang unti-unting tumutulo ang kaniyang mga luha)*

**Maestra Diwa:** *(mababasa mula sa liham)* Pasensya na sa biglang pag-alis. Hinding hindi ko makakalimutan ang lahat ng mga ala-ala natin. Itatatak ko sa aking puso at isip ang lahat ng ating mga pinagsamahan. Isa ka sa pinakamagagandang parte ng aking buhay, Ada.

**Ada:** Naiintindihan ko po kayo at hinding hindi ko rin po kayo kalilimutan*. (patuloy na tumutulo ang luha)*

**Maestra Diwa:** *(mababasa mula sa liham)* Ada, ikaw ay isang mahusay na mananayaw. Ang katawan mo ay tila hinulma na para lamang sa larangan ng pagsayaw. Turuan mo ang ibang mga kabataan na mahalin ang pagsayaw – ang pagsayaw para sa ating kultura. Hulmahin mo sila gaya ng paghulma ko sa iyo. Turuan mo sila kung gaano kaganda ang mundo ng sining.

**Ada:** Masusunod po, Maestra. *(pupunasan ang mga luhang tuluyan pa ring tumutulo)*

*********************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
*********************************************************************************************************

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VI, Issue I**
**August 2024**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
*******************************************************************************************************

**Maestra Zulueta:** *(mababasa mula sa liham)* Hindi ka na isang anino, Ada. Isa ka ng ganap na bituing puno ng ningning. Hayaan mong ako naman ang iyong maging anino ngayon. Paalam at padayon, Maestra Adaline.

**Ada:** Salamat po, Maestra.

*(Pupunasan niya ang kaniyang luha at ngayon, tanging mababakas mo na lamang sa kaniyang mukha ay pangarap at determinason. Handa na siya. Handa na siyang sundin ang pinakahuling utos ng Maestra – ang maghulma ng marami pang mga kabataang magiging tulad nila na tagapagtaguyod ng sining sa larangan ng pagsayaw. Hindi na siya ngayon isang anino. Isa na siyang sarili niyang persona na ang tungkulin ay ang paghulma ng mga iba pang mga anino at gawin silang mga makikinang na bituin; gaya ng ginawa sa kaniya ng kaniyang Maestra. Handa na rin siyang patunayan na sa likod ng isang matatag na batang makabansa, ay ang isang matatag na guro – matatag na Maestra.)*

*(Magsasara ang Tabing)*

*-Wakas-*

*******************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
*******************************************************************************************************